

20. Panginoon, nawa ang mga mag-asawa sa Tanzania ay magmahalan at mamuhay ng banal sa gabay ng iyong Espiritu. Bigyan Mo ng lunas ang karahasan, hindi maayos na komunikasyon at iba pang mga kadahilanan na nagpapataas ng kaso ng diborsiyo. (1 Pet. 4:8)

21. Panginoon, dalangin namin na bigyan Mo ng kasanayan sa trabaho ang mga kabataang babae sa Zimbabwe upang maiwasan nila ang prostitusyon. (1 Thess. 4:3-4)

22. Panginoon, ipagtanggol Mo ang mga kababaihan sa Burundi na may karapatan sa mana. Tiyakin Mo na hindi agawin ng mga lalaking miyembro ng kanilang lumalaking pamilya ang ari-arian nila. (Prov. 31:9)

23. Salamat po, Ama, sa ministeriyo ng TWR Women of Hope sa Ethiopia. Pagkalooban Mo sila ng lakas, biyaya, at karunungan. (Prov. 2:6)

24. Umaasa kami sa Iyo, Panginoon, para sa pangangalaga sa mga kababaihan at mga batang babae sa Malawi laban sa karahasan at diskriminasyon. (Isa. 1:17)

25. Suriin Mo kami at linisin, O Diyos. Nawa'y kalugdan Mo ang aming mga kaisipan, salita, at mga gawa. Baguhin Mo kami sa pamamagitan ng pagbabago ng aming pag-iisip (Rom. 12:2)

26. Ama, ipinagdarasal namin ang mga mahihirap na kababaihan sa Tanzania. Nawa'y matutunan nila ang mga kasanayang kinakailangan upang makahanap ng trabaho at matustusan ang kanilang pamilya. (Deut. 15:11)

27. Panginoong Diyos, nananalangin kami para sa kapayapaan sa mga tahanan sa Zimbabwe at laban sa marahas na pag-uugali na negatibong nakakaapekto sa mga bata. (Isa. 60:18)

28. Pinupuri ka namin, Panginoon, na dahil sa kasalukuyang kapayapaan sa Ethiopia, maraming mga estudyante mula sa kindergarten hanggang kolehiyo ang nakaranas ng kapaligiran na nakakatulong sa kanilang pag-aaral. (Eccles. 7:12)

29. Ama, bigyan Mo ng karunungan, tapang at lakas ang mga pinuno ng Malawi upang pamunuan ng maayos ang bansang ito. (Jos. 1:9)

30. Diyos Ama, bigyan Mo ng kakayahan ang mga kababaihang walang trabaho sa South Africa na makahanap ng malikhaing paraan upang kumita at matugunan ang kanilang mga pangangailangan. (2 Cor. 9:8)

31. Panginoon, dalangin namin na tugunan Mo ang mga pangangailangan ng mga guro sa Zimbabwe at muling pasiglahin ang kanilang pagnanais na magturo at tulungan ang mga mag-aaral na makapasa (Ps. 32:8)



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2023. 8.

Panalangin para sa mga Africanong Kababaihan 2

Maraming Africano ang nagdurusa hindi lamang dahil sa kakulangan ng pangangalagang pangkalusugan kundi dahil sa kahirapan, kamangmangan, kakulangan sa pagkain, kawalan ng trabaho, at karamdaman. Ang mga batang babae ay hindi makapag-aral dahil sa mabibigat na pasanin sa loob ng bahay at sila ay sapilitang pinag-aasawa ng maaga. Nawa ay mabago ang pananaw tungkol sa maagang pag-aasawa at matigil ang mga mapanganib na kaugalian.

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twr.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, Ikaw ang siyang Ama ng mga ulila. Hayaan Mo sana na ang pamahalaan ng Burundi ay pangalagaan at bigyan ng mga tahanan ang mga bata sa lansangan na nagugutom, walang tirahan at namamalimos ng tulong. (Ps. 82:3)
2. Ama, bigyan Mo ng lakas at katalinuhan ang mga Kristiyano sa Etiopia upang tanggihan ang pagpapadala ng tribalist na pampulitikang kaisipan sa simbahan. Ito'y nakakaapekto sa kanilang mga pakikipag-ugnayan sa lipunan at maaaring makasira sa pananampalataya ng mga miyembro. (Col. 2:8)
3. Panginoon, gumawa Ka ng paraan para sa mga taga Kenya na makalikom ng pondo para ipagpatuloy ang produksyon at pagsasahimpapawid ng mga programa ng Women of Hope sa lugar na saklaw ng broadcast ng Nairobi. (Ps. 34:10)
4. Panginoong Diyos, kami ay nananalangin para sa karagdagang oportunidad sa edukasyon at mga pagkakataon para sa mga kababaihan sa Malawi upang sila ay magkaroon ng mga kasanayan at kaalaman upang mapabuti ang kanilang buhay. (Prov. 1:7)
5. Ama, ang mga pinuno nawa sa South Africa ay magkaroon ng mabait at mahabaging puso upang maabot ang mga taong hindi nakakakilala sa Iyo habang sila ay naglilingkod sa Iyo nang matuwid. (Ps. 107:1)
6. Panginoong Diyos, idinadalangin namin ang mga Muslim sa Zanzibar na tumanggap kay Kristo dahil sa pakikinig sa programang Women of Hope. Palakasin Mo sila na manindigan nang may pananampalataya sa Iyo. (Matt. 5:11)

7. Panginoon, igapos Mo ang spiritu ng kawalan ng pag-asa na siyang nagpapataas ng bilang ng pagpapatiwakal ng mga kabataan sa Zimbabwe. Magtalaga Ka ng mga tagapayo na gagabay sa kanila. (1 Jn. 4:4)
8. Ama, bigyan Mo nawa ng trabaho at mga pangunahing pangangailangan ang mga mahihirap na kababaihan at kalalakihan sa Burundi na walang kakayahan upang mabuhay. (Ps. 34:6)
9. Diyos na tagapagkaloob ng lahat, mangyaring magtalaga Ka ng mga mananampalataya upang maglingkod at tumulong na matugunan ang mga pangangailangan ng naghihirap na kababaihan sa mga bilangguan ng Etiopia. (Heb. 13:1-3)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Bigyan Mo ng karunungan at lakas, Panginoon, ang mga single mothers sa Kenya na kailangang balansehin ang mga tungkulin sa tahanan, karera, at sa pagiging isang magulang. (Ps. 28:7)
11. Mapagpalang Diyos, bigyan Mo ng kagalingan ang mga biktima ng Bagyong Freddy sa Malawi. Karamihan din sa mga pamilya at ilang komunidad ay nawalan ng mga mahal sa buhay at ari-arian. (Jn. 14:27)
12. Panginoon, nawa'y ang mga kababaihan sa Eastern Cape ng South Africa ay magkaroon ng praktikal at espirituwal na mga pananaw habang nakikinig sila sa mga programa ng Women of Hope sa wikang Xhosa. (Phil. 1:9-10)

13. Panginoong Diyos, mangyaring itigil ang mga kultura at kasanayan sa Tanzania na nagdudulot ng pinsala sa mga kababaihan, kabilang ang corporal punishment, female genital mutilation at maagang pag-aasawa. (Eph. 5:25)
14. Ama sa Langit, hinihiling namin na pagpalain mo ang bansang Zimbabwe, na ibalik ito upang maging breadbasket ng Africa. (Nah. 2:2)
15. Panginoon, nananalangin kami para sa kaligtasan ng mga asawang lalaki sa Burundi. Ang kawalan ng pagkakaisa sa espirituwal na paniniwala sa pagitan ng mga mag-asawa ay nagdudulot ng alitan sa loob ng kanilang mga relasyon. (Acts 16:30-33)
16. Purihin ang Diyos na ang TWR Women of Hope ay nakikipagtulungan sa iba pang nonprofit na organisasyon upang magbigay ng damit at pagkain sa mga nasa Nekemte, Ethiopia, na inilikas mula sa kanilang mga tahanan dahil sa digmaan. (Ps. 41:1)
17. Ama, protektahan mo mula sa karahasan at pang-aabusong sekswal sa pamilya ang mga kababaihan at batang babae sa Kenya. Baguhin mo ang puso ng mga taong maaaring manakit sa kanila. (2 Thess. 3:3)
18. Nawa ay magkaroon ng daan upang makakuha ng tulong ang mga kababaihan sa Malawi upang lumago ang kanilang pananampalataya at makahanap ng kalinga at kalakasan sa Diyos. (Isa. 41:10)
19. Ama, nawa'y malaman ng mga nagdurusa sa South Africa ang iyong awa at kabaitan. Bigyan sila ng lakas ng loob at pag-asa na tumingin sa kabila ng kanilang mga kalagayan at magpasiyang maglingkod sa iyo. (Ps. 31:19)